
JANUARY Makugihon
FEBRUARY Mahigugmaon
MARCH Matinabangon
APRIL Matinahuron
MAY Mahapsay og Malimpyo
JUNE Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras
JULY Maantigo og Maabilidad
AUGUST Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER Madaginoton
OCTOBER Matinud-anon
NOVEMBER Masaligan
DECEMBER Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 5



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## IkalawangMarkahan- Modyul2:
## Mga Paraan sa Pagsasailalim ng Pilipinas



Pangalan: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Maureen C. Daquipil

**Mga Editor:** Florence S. Gallemit, Teresita J. Cainta

**Tagasuri:** Lindo O. Adasa Jr.
Florence S. Gallemit
Dr. JephoneYorong

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**

**Tagalapat:**Peter Alavanza, Maureen C. Daquipil

**Tagapamahala:** Dr. Ella Grace M. Tagupa
Dr. Jephone P. Yorong
Florence S. Gallemit
Jose C. Overa
Gemmalyn O. Ruiz



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- makasusuri sa paraan ng pagsasailalim ng katutubong populasyon sa kapangyarihan ng Espanya sa pamamagitan ng pwersang militar/ *divide and rule*



# Balikan

**I. Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.) Ano ang tawag sa isang patakaran ng tuwirang pagkontrol ng malakas na bansa sa isang mahinang bansa?
A. kolonya B. kolonyalismo C. caravel D. compass

2.) Ano ang tawag sa bansang tuwirang kinontrol at sinakop ng isang makapangyarihang bansa?
A. kolonya B. kolonyalismo C. caravel D. compass

3.) Ang mga sumusunod ay mga dahilan ng pagsakop ng Espanya sa Pilipinas, MALIBAN sa isa. Alin ito?
A. Para maangkin ang mga likas na yaman ng bansa
B. Para mapalaganap ang Kristiyanismo sa Pilipinas
C. Para mapalaganap ang Islam sa buong kapuluan
D. Para maging tanyag sa Europe sa paggalugad ng mga bagong Lupain

4.) Ang ekspedisyon ni Magellan ang pinakaunang ekspedisyong nakarating sa Pilipinas. Paano niya natuklasan ang ating bansa?
A. Dahil sa paghahanap ng bagong ruta patungo sa Moluccas Islands
B. Dahil sa nakatatawag-pansing kabuuang anyo ng Pilipinas
C. Dahil sa pakikipagkalakalan ng mga Espanyol sa mayamang bansa
D. A at B


5.) Sang-ayon ka ba sa hangarin ng mga Espanyol na manakop kung kaya't naging abala sila sa pagtuklas ng mga bagong lupain?
A. Oo, dahil wala naman tayong magagawa dahil mayamang bansa sila.
B. Oo, dahil magandang ambag naman sa ating lahi ang Kristiyanismo.
C. Hindi, dahil iyan ay makasariling layunin na ikapapahamak natin.
D. A at B

| Aralin 2 | Pagsasailalim ng Pilipinas |
| --- | --- |



# Tuklasin

Upang makamit ang layunin ng paksang ito, atin munang pagnilayan ang mga maaaring maging angkop na kasagutan sa mga tanong sa loob ng kahon.



1. Kung may nakita kang isang pwersang militar na paparating sa iyong lugar, ano kaya ang iyong mararamdaman?

   **Sagot:** ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Ano kaya ang naging reaksiyon ng mga katutubo sa pananakop ng mga Espanyol gamit ang pwersang militar nito?

   **Sagot:**
   ______________________________________________
   ______________________________________________



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto**.

**Paraan ng Pananakop ng Espanya sa Pilipinas**

Dalawang pangunahing estratehiya ang ginamit ng mga Espanyol upang maging kolonya ang Pilipinas. Una, ang **ebanghelisasyon**- isang mapayapang paraan ng pananakop sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng Kristiyanismo at nagsisimbolo ng krus. At ang pangalawa ay ang **kolonisasyon**, na kabaligtaran ng ebanghelisasyon. Ito ay nagsisimbolo ng espada at hindi sa mapayapang paraan dahil ginagamitan ito ng lakas-militar at *divide and rule* na estratehiya.

Sa estratehiyang ebanghelisasyon, ang mga paring Espanyol o prayle ang namamahala, samantalang ang mga *guardia civil* naman (na siyang lakas-militar ng Espanya) ang namamahala sa kolonisasyon.

Napag-aralan mo sa naunang modyul na ang ekspedisyon ni Legazpi ang naging hudyat ng pwersahang pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubong Pilipino. Nang maluklok sa trono ng Spain si Haring Felipe II, itinalaga niya si Miguel Lopez de Legazpi, isang opisyal ng Mexico, na pangunahan ang ekspedisyon pabalik ng Pilipinas.

Nagsimula ang paglalayag ni Legazpi sa Natividad, Mexico noong Nobyembre 19, 1564. Tinawid ng mga Espanyol ang Pacific Ocean hanggang sa makarating sa Samar noong Pebrero 13, 1565. Dahil sa matinding gutom, nagpatuloy ang paglalayag ng mga Espanyol sa karagatan ng Visayas. Kadalasan hindi mabuti ang pagtanggap ng mga katutubo sa kanila. Noong Marso 16 naman ay nakipagsaduguan si Legazpi kay Rajah Sikatuna sa Bohol.

Noong Abril 27, 1565, nakarating si Legazpi sa Cebu. Nagkaroon ng madugong labanan sa pagitan ng mga Espanyol at ng mga Cebuano. Sa kasamaang-palad, nabigo ang mga Cebuano dahil sa higit na makabago ang mga sandata ng mga Espanyol.

Nang bumagsak ang Cebu sa kamay ni Legazpi, nagsimulang magtatag siya ng mga pamayanang Espanyol dito. Itinakda niya ang Cebu bilang kauna-unahang pamayanang Espanyol sa Pilipinas. Pinangalanan niya itong *La Villa del Santisimo Nombre de Jesus.*

Matapos ito, naghanda si Legazpi upang sakupin ang Maynila. Itinalaga niya si Martin de Goiti bilang pinuno ng pwersang Espanyol sa Maynila. Noong una ay magiliw ang pagtanggap nina Rajah Sulayman at Rajah Matanda sa mga Espanyol sa paniniwalang kapayapaan at pakikipagkaibigan ang layunin ng mga Espanyol sa Pilipinas. Sa huli ay nauwi ang kanilang pakikipagkaibigan sa labanan.

Nagtagumpay ang mga Espanyol laban sa mga tao sa Maynila noong Mayo 19, 1571. Dahil dito, tuluyan nang napasailalim ang Maynila sa pamamahala ng mga Espanyol. Nangako ang mga naninirahan sa Maynila ng kanilang katapatan. Sunod na nagtayo ng mga pamayanan si Legazpi sa Panay noong 1569. Sinundan ito ng pagtatag ng pamayanan sa Masbate, Ticao, Burias, Mindoro, Mamburao, at Albay.

Nagpatuloy ang pananakop ng mga Espanyol pagkaraang sakupin ang Maynila. Pinangunahan ni Juan de Salcedo, apo ni Legazpi, ang pagsakop sa mga karatig-lugar ng Maynila hanggang sa pamayanan sa timog ng Luzon at Bicol. Nakarating din siya sa hilagang bahagi ng Luzon patungong Cagayan at pabalik ng Maynila. Napasailalalim din sa kapangyarihan ng Spain ang mga pamayanan sa Gitnang Luzon sa pamumuno ni Martin de Goiti.

Ginawa ni Miguel Lopez de Legazpi ang Pilipinas na pangunahing mapagkukunan ng ginto at perlas at ng mga hilaw na sangkap gaya ng niyog, asukal, tabako, abaka, bulak, at kape. Naging tambakan din ng mga tapos na produkto at *investment area* ng mga labis na capital ng mga Kastila ang ating bansa.

Isang paraan ng pananakop kung saan pinag-aaway-away ng mananakop ang mga lokal na pinuno o naninirahan sa isang lugar ay ang tinatawag na ***divide and rule.*** Ito ang estratehiyang ginamit ni Ferdinand Magellan upang makakamkam ng mga lupain. Kinaibigan muna niya ang mga pinuno ng mga barangay at gagawa ng taktika para mag-aaway-away ang mga katutubong pinunong ito.

Si Magellan, na unang nakilalang banyagang mangangamkam ng lupa sa kasaysayan ng Pilipinas at tumapak sa ating baybayin noong Marso 16, 1521 sa Homonhon, ay kaagad nakakita sa paggalang na inuukol ng mga kasapi ng barangay sa kanilang pinuno at ang mahigpit na pagsunod ng mga nasasakupan sa kung anumang pahayag ng DATU matapos konsultahin ang mga tagapayo o matatandang kasapi ng barangay.

Hindi nag-aksaya ng panahon si Magellan sa eksploytasyon ng karakter at katangian ng barangay. Ginamit niya ang Italyanong taktika na hatiin at pagharian (*divide and rule*) upang matugunan ang interes ng mga kolonyalistang Kastila. Kinaibigan niya ang mga pinuno ng mga pook na kanilang unang napuntahan. Isa sa mga ito si Rajah Humabon, pinuno ng isang confederation ng walong barangay sa Cebu. Ikinubli ni Magellan ang tunay nilang motibo.

Naging palakaibigan ang mga katutubong pinunong nakilala ni Magellan, maliban sa pinuno ng Mactan na si Lapu-lapu. Dahil sa paghimok ng isang katutubong pinuno na si Zula na kalabananin si Lapu-lapu, isinagawa ng mga dayuhan ang paglusob sa Mactan.

Umaga ng Abril 27, 1521, sinalakay ng mga Espanyol ang Mactan. Ang mas maraming tauhan ni Lapu-lapu, matitibay na panang yari sa kawayan, at pagkagalit ng mga katutubo sa ginawang panunulong ng mga Espanyol sa kanilang mga tirahan ang nagbigay-daan upang magiting na lumaban sa mga dayuhan ang mga katutubo sa Mactan. Sa huli, nagwagi si Lapu-lapu at mga taga-Mactan laban sa mga Espanyol. Nasawi si Magellan dahil sa pagtama sa kaniyang ulo, braso, at binti ng mga panang may lason sa dulo.

Ang isinasalaksak sa ating utak ng mga dayuhan mula noong 1521, na ang layunin nila sa pagsalakay at pagsakop sa Pilipinas ay dahil sa pagpapalaganap ng relihiyong Katolisismo ay isang mapanlinlang na pagbibigay-katuwiran. Sa paggamit ng kabanalan ng krus ay kagyat na napaluhod ang mga unang Pilipino. Dala na rin ito ng pagiging labis na relihiyoso ng ating mga ninuno. Sa katotohanan ay sinamantala ng mga prayle ang ating paniniwala sa iisang Diyos (Bathala) at mga mga anito—sa pamamagitan ng pagsalaksak sa *superstructure* ng Relihiyong Katoliko sa sinaunang pananampalataya ng mga unang Pilipino. Ang sumunod na mga pangyayari ay maramihang *conversion* ng mga ninuno natin sa Kristiyanismo, gaya ng ginawa ni Rajah Humabon na nagpabinyag sa pangalang “Carlos” at sa mga kapanalig nitong bininyagang*April Fool’s Day*.

Ang lahat ng naganap ay sa dulo ng binaligtad na krus (espada) at sa pambobomba ng mga baybayin at barangay.



# Pagyamanin

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **T** kung tama ang pahayag at **M** kung mali.

___________ `1. Ang *divide and rule* ay isang paraan ng pananakop kung saan pinag- aaway-away ng mananakop ang mga lokal na pinuno o naninirahan sa isang lugar.

___________ 2. Si Ferdinand Magellan ang unang dayuhang nagpatupad ng taktikang *divide and rule.*

___________ 3. Ang kagandahang-loob at pagkamasunurin ng mga Pilipino ang nag-udyok kay Ferdinand Magellan na gamitin ang taktikang *divide and rule.*

___________ 4. Ang pagiging relihiyoso ng ating mga ninuno ay naging dahilan upang mapadali ang pagyakap sa Kristiyanismo.

___________ 5. Walang pagmamalupit na ginawa ang mga Espanyol sa mga katutubong Pilipino.



# Gawain

## GAWAIN A

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang konseptong inilalarawan sa bawat aytem.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **espada** | | **Ferdinand Magellan** | |
| | **Humabon** | **krus** | **Miguel Lopez de Legazpi** |
| **Cebu** | | **Lapu-lapu** | |

1. Simbolo ng pagpapalaganap ng Kristiyanismo ____________________
2. Unang pamayanang Espanyol na itinatag sa bansa ________________________
3. Pinuno ng mga katutubo sa Mactan na nakipaglaban at nagtagumpay laban sa mga Espanyol. ___________________________
4. Pinuno ng mga Espanyol na nagtungo sa Pilipinas at nagwagi sa labanan sa Cebu at Maynila. ___________________________
5. Katutubong pinuno sa Cebu na tumanggap kay Magellan at nagpabinyag sa Kristiyanismo noong 1521.______________________________

## GAWAIN B

**Panuto:** Hanapin sa hanay B ang katugmang mga salita na inilarawan sa hanay A. Isulat sa inyong papel ang titik ng tamang sagot.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. Salitang naglalarawan ng pananakop ng Espanya sa Pilipinas | a. Cebu |
| 2. Relihiyong nais ipalaganap ng mga Espanyol kung kaya't hinahangad nilang manakop ng ibang lupain. | b. Labanan sa Mactan |
| 3. Unang sagupaan sa pagitan ng mga Espanyol at katutubong Pilipino na ikinasawi ni Magellan. | c. Kolonyalismo |
| 4. Kauna-unahang pamayanang Espanyol na itinatag sa Pilipinas. | d. *La villa del Santisimo Nombre de Jesus* |
| 5. Pangalang ibinigay ni Legaspi ng Cebu bilang kau-enahang pamayanang Espanyol sa Pilipinas | e. Kristiyanismo |
| | f. Sandugo |



# Isaisip

Natutuhan ko sa araling ito na ang mga paraan ng pagsakop ng mga Espanyol sa Pilipinas ay sa pamamagitan ng ebanghelisasyon at _______________. Ang ekspedisyon ni _____________________ang naging hudyat sa pwersahang pananakop ng mga Espanyol sa bansa.

Ang taktikang*divide and rule* ay ginamit naman ni____________ upang makakamkam ng mga lupain. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng__________________________________________________________________.

Nalaman ko ring nabigo sa pakikipaglaban ang mga katutubong Pilipino dahil __________________________________________________________.



# Tayahin

**I. Panuto:** Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kwaderno.



1. Sino ang unang dayuhang Espanyol na nakarating sa Pilipinas na nagpairal ng taktikang *divide and rule*?
   A. Haring Phillip II
   B. Heneral Miguel Lopez de Legaspi
   C. Ferdinand Magellan
   D. Ruy Lopez de Villalobos

2. Alin sa mga pahayag ang naglalarawan ng estratehiyang *divide and rule*?
   A. Ipinamigay ang ilang pulo ng Pilipinas sa ibang bansa sa Europa.
   B. Pinaghati-hatian ng mga Espanyol ang mga pulo sa Pilipinas.
   C. Hinati ang Pilipinas sa Luzon, Visayas at Mindanao, tapos ay sakupin.
   D. Pinag-away-away ang mga katutubo, tapos ay sakupin.

3. Ano ang ibig sabihin ng pagsasanduguan nina Humabon at Magellan?
   A. Nais ni Humabon na magpabinyag sa Kristiyanismo.
   B. Nagsabwatan sina Magellan at Humabon laban kay Lapu-lapu
   C. Sinimulan ni Humabon ang ritwal ng sanduguan kay Magellan.
   D. Naging magkaibigan at magkaalyansa sina Humabon at Magellan

4. Alin sa mga layunin ng pagsusumikap ng Espanyang makatuklas at manakop ng bagong lupain ang sinisimbolo ng krus?
   A. Pagpapalaganap ng Kristiyanismo
   B. Pagkuha ng likas na yaman
   C. Pagkamit ng karangalan ng bansa
   D. Pagpapaunlad ng ekonomiya ng kolonya

5. Ano ang ginawa ni Magellan sa mga katutubo upang makuha ang tiwala sa mga ito upang matugunan ang interes ng kolonyalistang Kastila?
   A. Kinaibigan ang mga pinuno ng mga pook na kanilang napuntahan.
   B. Binigyan ng masasarap na pagkain ang mga katutubo.

C. Pinasakay ang mga katutubo sa kanilang mga barko at ipinasyal.
D. Pinagbabaril ang mga katutubo para masakop agad ang Pilipinas.

6. Bakit mas napadali ang pagyakap ng mga katutubo sa Kristiyanismo?
   A. Nagandahan sila sa mga dalang rebulto ng mga Espanyol.
   B. Likas na relihiyoso ang mga katutubong Pilipino.
   C. Naakit sila sa mga dalang rosaryong maaaring gawing palamuti sa katawan.
   D. Sawa na sila sa nakagisnan na pananampalataya.

7. Bukod pasa pagpapalaganap ng Kristiyanismo, alin pa sa mga sumusunod ang iba pang pakay ng mga Espanyol?
   A. Maraming mga magagandang pasyalan ang matatagpuan sa Pilipinas at balak na gawing turismo.
   B. Ang bansa ay isang maagandang estratehikong lokasyon upang gawing base militar ng Espanyol.
   C. Gawin itong pangunahing mapagkukunan ng ginto at perlas at ng mga hilaw na sangkap gaya ng niyog, indigo at iba pang produkto.
   D. Nahuhumaling sila sa magagandang pakikitungo ng mga katutubong Pilipino.

8. Bakit nabigo ang mga katutubong Pilipino sa pagpigil sa mga dayuhang Espanyol na sakupin ang kanilang mga pamayanan?
   A. Walang pagkakaisa ang mga katutubo at marami ang tumulong sa mga Espanyol upang sakupin ang mga pamayanan.
   B. Mas makabago ang kagamitan sa pakikidigma ng mga Espanyol kaysa sa mga katutubo.
   C. Malimit magtalo ang mga matatandang kasapi ng pamayanan.
   D. Nasilaw sa makabagong teknolohiya ng mga dayuhan ang mga katutubo.

9. Alin sa sumusunod ang WALANG kaugnayan sa paraan ng pagpapasailalim ng mga Espanyol sa Pilipinas?
   a. Pinangasiwaan ng encomendero ang mga katutubong nagpasakop sa Spain.
   b. Binigyan ang mga katutubo ng karapatang mamuhay na may kalayaan sa gusto nila.
   c. Ginamitan ng pwersang militar upang mapasunod sa mga patakaran ng Espanyol.
   d. Pinagsama-sama ang kanilang tirahan sa ilalim ng pamamahala ng mga Espanyol.

10. Maliban sa ebanghelisasyon, ginamit din ng mga Espanyol ang espada upang mapasailalim sa kanilang kapangyarihan ang mga Pilipino. Ano ang ibig sabihin ng pahayag?
    a. Mga espada ang pangunahing sandata ng mga Espanyol laban sa mga katutubo.
    b. Maging marahas din ang mga misyonero sa pagsakop sa Pilipinas.
    c. Gumamit ng puwersang militar ang mga Espanyol sa kanilang pananakop.
    d. Pinagsabay ng mga sundalong Espanyol ang krus at espada sa pakikipaglaban.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Unawain at saguting mabuti ang inilahad sa ibaba. Gawing gabay ang rubrik para sa pagkuha ng puntos. ***(10 puntos)***

**RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (10)** | Tumpak at napakalinaw ng sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Mahusay (8)** | Malinaw at tama ang sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Katamtaman (6)** | May kalinawan ang sagot, ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong na ibinigay. |
| **Di-gaanong Maayos (4)** | Lumihis ang kasagutan sa tanong na ibinigay. |
| **Sadyang Di-maayos (2)** | Hindi natapos ang sagot/ Walang naisulat. |

Kung ikaw ay isa sa mga pinuno ng barangay noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol, sino ang mas tutularan mo, si Rajah Humabon o si Datu Lapu-Lapu? Bakit?

Sagot:____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

# Susi saPagwawasto

Tayahin

I.

1. c
2. d
3. d
4. a
5. a
6. b
7. c
8. b
9. b
10. c

Gawain

**Gawain A**

1. krus
2. Cebu
3. Lapu-lapu
4. Miguel Lopez de Legazpi
5. Humabon

Gawain **B**

1.c
2.e
3.b
4.a
5.d

BALIKAN

1. B
2. A
3. C
4. A
5. C

Pagyamanin

1. T
2. T
3. T
4. T
5. M

## *Sanggunian:*


Gabuat, M. A. (2016). *Pilipinas Bilang Isang Bansa.* Quezon City: Vibal Group. Inc. pp. 111-115

Usha Mahajani, Phil. Nationalism; Fr. Vitaliano Gorospe, S.J Christian Renewal of Filipino Values: Ramon Tagle Towards Christian Democracy

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region I

Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.